MAGKAROON NG TINIG, BUMOTO NANG LOKAL

OFFICE OF THE
CITY CLERK
SERVING LONG BEACH SINCE 1897

IPARINIG ANG IYONG TINIG

sa pamamagitan ng tagumpay na pagboto

1 MAGSIMULA SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPAREHISTRO UPANG MAKABOTO

Upang makaboto sa eleksiyon ng California, kailangan ninyong…

- ☐ Maging mamamayan ng Estados Unidos
- ☐ Maging residente ng California
- ☐ Maging nasa edad na hindi bababa sa 18 taong gulang
- ☐ Kasalukuyang hindi nakakulong o nasa parol dahil nahatulan o may malaking pagkakasala.
- ☐ Hindi natagpuang walang mental na kakayahan ng korte ng batas.

KUNG NAISAKATUPARAN NINYO ANG MGA INIAATAS NA ITO, ang unang hakbang para sa matagumpay na balota ay ang pagkuha at pagsumite ng balidong porma ng pagpaparehistro ng botante. Isumite ang inyong porma on line sa website ng Kalihim ng Estado ng California (http://registertovote.ca.gov/) o maaari mong makuha ang porma ng pagpaparehistro ng botante sa mga karamihang pampublikong ahensiya.

BAGO ANG KAHIT ANONG ELEKSIYON

2

Magkaroon at manatiling may kaalaman tungkol sa eleksiyon. Ang pinakamabuting paraan para manatiling may kaalaman ay sa pamamagitan ng librito ng Opisyal na Halimbawang Balota. Ang libritong ito ay awtomatikong ipapadala sa lahat ng mga karapat-dapat na nakarehistrong botante. Bilang kahalili, maaaring makuha ito sa website ng Klerk ng Lungsod (www.longbeach.gov/cityclerk) o sa telepono (562) 570-6101 humigit-kumulang 29 araw bago ang Araw ng Eleksiyon. Ang librong ito ay magbibigay sa inyo ng kinakailangan impormasyon kabilang ang:

- o Petsa at oras ng Eleksiyon;
- o Ang lokasyon ng inyong itinalagang lugar ng botohan;
- o Impormasyon ukol sa kandidato kabilang ang mga pahayag ng kandidato at impormasyon ng pakikipag-ugnay sa kandidato; at
- o Mga labanan na makikita sa inyong balota.

3

PAGBOTO

May dalawang paraan upang makaboto nang maaga:

1. Nang personal sa Opisina ng Klerk ng Lungsod; o
2. Pagboto-sa-Pamamagitan-ng Koreo;

PAGBOTO SA KOREO •Maaari kang magparehistro bilang isang permanenteng botante ng Pagboto-sa-Pamamagitan-ng Koreo sa pamamagitan ng pagdownload ng aplikasyon sa lavote.net o pagparehistrong muli upang bumoto kung saan isinasaad na nais mong maging permanenteng botante ng pagboto-sa-pamamagitan-ng koreo.

MAAARI KANG HUMILING NG BALOTA NG PAGBOTO-SA-PAMAMAGITAN NG KOREO PARA SA ITINAKDANG ELEKSIYON SA PAMAMAGITAN NG:

- Pagsulat sa Opisina ng Klerk ng Lungsod
- Pagtawag sa Opisina ng Klerk ng Lungsod sa (562) 570-6101
- Paggamit ng elektronikong aplikasyon na makukuha sa pamamagitan ng website ng Klerk ng Lungsod, www.longbeach.gov/cityclerk
- Pagpunan at pagpadala ng Aplikasyon para sa Pagboto-sa-Pamamagitan-ng Koreo na matatagpuan sa likod na takip ng librito ng Opisyal na Halimbawang Balota

ANG EMERHENSIYANG PAGBOTO-SA-PAMAMAGITAN NG KOREO ay maaaring hilingin 7 araw bago mag-eleksiyon kung ikaw ay hindi makakarating sa Opisina ng Klerk ng Lungsod o sa lugar ng botohan. Ang mga pagsasaayos para sa Emerhensiyang Pagboto ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa Opisina ng Klerk ng Lungsod sa (562) 570-6101

PAGBOTO SA ARAW NG ELEKSIYON:

1. Pumunta sa lugar ng pagboto na nakalista sa likod na takip ng librito ng Opisyal na Halimbawang Balota. Maaari mo ring mahanap ang inyong mga lugar ng botohan online sa website ng Klerk ng Lungsod o sa pamamagitan ng pagtawag sa aming opisina. Ang mga botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.
2. Bumoto (o ilagay ang inyong ipapakoreong balota sa kahit anong lugar ng botohan)
3. Kunin ang inyong "I Voted" na istiker!

TULONG SA WIKA:
Ang tulong sa pagboto ay binibigay sa ilang mga wika kabilang ang Ingles, Khmer, Koreano, Tagalog, Espanyol at Byetnamis. Ang mga librito ng Opisyal na Halimbawang Balota at mga bilingguwal na manggagawa sa lugar ng botohan ay tutulong sa lugar ng botohan para sa inyong kaginhawaan.

MAPUPUNTAHANG BOTOHAN NG ADA:
Ang mga mapagkukunan kabilang ang pagboto sa gilid ng daan, lente para sa mga may kapansanan sa paningin, at kubol ng botohan na nadadaanan ng wheelchair ay naroon upang tumulong sa lahat ng mga botante na may kani-kanilang pangangailangan.

MGA OPORTUNIDAD SA PAGBOBOLUNTARYO
Maging manggagawa sa lugar ng botohan - Bilang manggagawa sa lugar ng botohan, ikaw ay nakatalagang tumulong sa pagtatayo ng lugar ng botohan, at pagtulong sa pagsasara ng botohan at magbabalot ng mga suplay. Para sa kanilang araw ng serbisyo, ang mga manggagawa sa lugar ng botohan ay tatanggap ng suweldo sa halagang hanggang $125 para sa mga Klerk at $175 para sa mga Inspektor. Mag-sign up online sa website ng Klerk ng Lungsod: www.longbeach.gov/cityclerk

Magkaloob ng lugar ng botohan - Kung nais ninyong makilala ang inyong mga kapitbahay habang isinasagawa ang iyong sibikong tungkulin, maging punong-abala ng lugar ng botohan sa Araw ng Halalan. Para sa karagdagang impormasyon kung paano maging punong-abala ng lugar ng botohan, tumawag sa Opisina ng Klerk ng Lungsod sa (562) 570-6101.